# Pagiging Lalaki, Pagkalalaki, at Pagkamaginoo

LEONARDO D. DE CASTRO

Gender is often viewed as an inherent aspect of personal identity. But a gender-entrapped concept of identity engenders biases that could demean not only one gender or the other but humanity in general. An examination of various notions of masculinity in the Filipino context shows that characterizations of the genders are ambiguous save with respect to reproductive roles. Those characterizations are not compatible with ethically sound interpersonal relations. Respect for humanity requires a gender-neutral view of personal roles and responsibilities.

*Bato pa ba ang lalapit sa suso?*

*"Nguni, pano naman ang aking gagawin!*
*pakalaki-laki ng aking paggiliw,*
*kung siyang lalaki'y mailap sa akin,*
*ako pang babae ang palalapitin?*

*"Ako'y Pilipina at anak-silangan,*
*birating magtiis, sanay na maghintay;*
*ang ibig lumapit, ako ay lapitan,*
*ang ayaw lumapit, di ko kailangan."*

*Kapag ang dalaga nga nama'y nagkusang*
*mag-alok ng puso sa isang binata,*
*kailangan munang mundo'y masaliwa:*
*ang sama'y bumuti't ang buti'y sumama.*

(Lope K. Santos, *Isang Binatang Tulog*)

Sa mga talatang ito ng isang tula ni Lope K. Santos nakikita natin ang isang karikatura ng mga katangiang iniisip pa rin ng marami na naglalagay ng mga lalaki at mga babae sa kanilang tamang lugar.

Tungkol sa una, mapapansin natin na hindi lamang sinasabing ang katangiang pinag-uusapan ay karaniwang makikita sa isang lalaki. Sinasabi pang ito ay dapat taglay ng isang lalaki. Kung hindi, ang mundo ay masasaliwa. Kung magkakaganoon, ayon sa may akda, magkakabaligtad ang mabuti at ang masama.

Hanggang saan natin maaaring ayunan ang ganitong kaisipan? Marami pa ba sa atin ang naniniwalang sadyang ganito ang umiiral? At kung ganito ang kaisipang umiiral, dapat bang ganito talaga ang mangyari?

## Kasarian at Pagkakakilanlan

Ang pagkakakilala ng tao sa isat-isa ay karaniwang nakatali sa kani-kanilang kasarian. Ipinasusulat sa mga papeles na hinihingi para sa ibat-ibang pakay kung tayo ay lalaki o babae. Kailangan ding ilahad ito para sa mga transaksyon sa gobyerno o sa mga pribadong opisina. Ang mga pangalang ibinibigay sa atin ay sinasabing panlalaki o pambabae. Ang lalaki ay hindi dapat magkaroon ng pangalang pambabae at ang babae ay hindi dapat magkaroon ng pangalang panlalaki. Ganito ang kaugaliang nakasanayan ng halos lahat sa atin.

Sadyang mahirap iwasan ang sistema ng pagkilala na tumitingin sa ating kasarian. Kapag ang isang tao ay nagkukuwento tungkol sa isang kaibigan, kailangan niyang banggitin kung ito ay lalaki o babae. Kung hindi, mahihirapan ang kinukuwentuhan na maglarawan sa kanyang isip ng kaibigang iyon. Bagamat ang pagiging lalaki o babae ay maaaring walang kinalaman sa kanyang kuwento o sa ibang mga katangian ng kaibigang tinutukoy, ang karaniwang takbo ng pag-iisip ay kumikilala sa kasarian bilang isang aspeto ng pagkakakilanlan na hindi maihihiwalay dito.

Hindi naman talaga maiiwasan na ang bawat tao ay mayroong kasarian. Hindi ito dapat iwasan. Mahalaga ito para sa reproduksiyon at para sa kaligayahan ng indibiduwal. Dahil na

rin siguro dito, ang kasarian ay nakikita bilang isang katangian kung saan nakasalig ang pagkilala sa isang tao, ang pagtingin at pagpapahalaga sa kanya, ang pag-asa sa kanyang magagawa at hindi magagawa, at ang pagsuri sa dapat at hindi niya dapat gawin. Kahit na walang likas na masama sa ganito, nakapagbubunga ito ng pang-aapi dahil sa pagtawag ng pansin sa kasarian sa halip na sa mismong pagkatao.

Kung gayon, makatutulong na masuri ang kahulugang ibinibigay natin sa kasarian sa ibat-ibang sitwasyon. Ang tuon dito ay nasa kalalakihan lamang, subalit ang mga implikasyon ay totoo para sa anumang kasarian.

## *Masculinity* at Pagkalalaki

Ang unang paksa na tinatalakay dito ay ang konsepto ng pagkalalaki. Unang-una, dapat linawin na ang salitang binibigyan ng pansin ay hindi salin lamang ng salitang "masculinity." Totoo sigurong ang salitang "pagkalalaki" ay siyang may pinakamalapit na ibig sabihin sa salitang Ingles na tinutukoy. Subalit ang pagkalalaki ay hindi itinuturing dito na salin lamang sapagkat makabubuting ilagay ang diskusyon sa katutubong konteksto at ito ay magagawa lamang kung tatalakayin ng deretsahan ang kahulugan ng salitang ginagamit. Bukod pa rito, gaya ng mapapansin natin, ang paggamit ng "pagkalalaki" ay may dalang maraming kahulugan na hindi matutumbasan ng salitang Ingles.

Sa madaling salita, ang tinatalakay dito ay ang pagkalalaki, hindi bilang katumbas ng isang dayuhang konsepto, kundi bilang isang konsepto na matatagpuan sa kaisipang Filipino. Ang pamamaraan ay nakapalibot sa isang inbentaryo ng mga sitwasyon at pangungusap kung saan lumilitaw ang sinusuring paksa.

## Pagiging Lalaki Bilang Pisikal na Katangian

1. Kalalabas pa lamang ni Angel sa sinapupunan ng kanyang ina. Pagkakitang-pagkakita sa kanya,

sinabi ng doktor ang ganito: "Lalaki po ang anak ninyo, misis!"

Sa halimbawang ito, malinaw na ang tinutukoy ay ang pagkakaroon ng sanggol ng panlalaking ari. Yun lamang ang maaaring naging batayan sa naturang sitwasyon. At sa totoo lang, kung gusto nating malaman sa pangkaraniwang sitwasyon kung ano ang kasarian ng isang nilalang, ang kailangan nating gawin ay tignan kung anong klase ng ari ang mayroon siya. Ito ang nagiging batayan ng isinusulat sa birth certificate at sa iba pang dokumento na may kinalaman sa tao.

Hindi gaanong naiiba ang pinatutunguhan ng sumusunod na sitwasyon:

2. Si Ramon ay sobra ang hilig sa babae. Kahit mayroon na siyang asawa, palagi pa rin siyang nagpupunta sa motel kasama ng ibang babae. Sa sobrang galit ng kanyang asawa, pinutol nito ang ari ni Ramon. Ganito ang lumabas na headline ng dyaryo: SALAWAHAN PINUTULAN NG PAGKALALAKI.

Kahit na medyo iba ang gamit dito, malinaw na nakatuon pa rin sa pagkakaroon ng aring panlalaki ang ibig sabihin.

## Pagiging Lalaki Bilang Pagpasa sa Pagsubok

Kaiba naman sa itaas ang tinutukoy sa mga sumusunod na halimbawa:

3. Si Carlo ay siyam na taong gulang na. Kasama ng ilang kaibigan, siya ay nagpunta sa doktor upang magpatule. Masaya si Carlo sapagkat siya raw ay isa nang lalaki ngayon.

4. Si Dindo ay labinwalong taong gulang na. Bilang isang estudyante sa kolehyo, nakatira na siya sa isang dormitoryo sa Maynila. Nakahiwalay na siya sa kanyang mga magulang na nagtatrabaho at nananatili sa probinsya. Mayroon na siyang *girlfriend*. Paminsan-minsan, siya ay lumalabas

upang makipag-inuman at makipagsayahan sa kanyang mga kaibigan. Ayon sa kanyang ama, siya ay isa nang ganap na lalaki.

5. Si Efren ay mahilig uminom ng tuba sapagkat paniwala siyang ito ay inumin ng tunay na lalaki.
6. Si Fred ay sumasama sa kanyang barkada pagpunta sa *massage parlor*. Doon ay nakakukuha sila ng masahistang mapagpaparausan. Noong hindi pa sumasama si Fred, kinakantsawan siya ng kanyang mga kaibigan. Sinasabi nilang hindi siya tunay na lalaki.

Sa mga halimbawang ito, ang pagiging lalaki ay nakaugnay sa pagkakaroon ng isang uri ng karanasan o sa pagdaan sa isang seremonya. Depende sa konteksto, sinasabing ang isang tao ay nagiging lalaki dahil sa kanyang pagkatule, sa kanyang pagkakaroon ng karanasan sa isang babae, sa pag-iinom, sa panliligaw, sa pagsasarili, o sa iba pang bagay.

Ang pagkalalaking pinag-uusapan dito ay hindi tumutukoy lamang sa pagkakaroon ng aring panlalaki. Gayon pa man, ito ay isa ring kinakailangang kondisyon.

## Lalaki sa Puso, Babae sa Anyo

Iba pa rin ang tinutukoy sa mga sitwasyong katulad ng sumusunod.

7. Bata pa si Glenn nang siya ay ipatule ng kanyang mga magulang. Sa kasamaang palad, nawarat ang kanyang ari dahil sa operasyon. Ipinasya ng mga magulang at ng doktor na siya ay gawing isang babae. Ginawan siya ng ari ng babae. Paglaki niya, sinalinan siya ng mga *hormones* ng babae. Subalit parang lalaki pa rin siya kung kumilos. Mahilig siya sa mga gawaing karaniwang kinahihiligan ng lalaki.

Dito ay makikita natin na ang pagkawala ng aring panlalaki ay hindi kinakailangang mangahulugan ng pagkawala ng pagiging lalaki. Ang pagkakaroon din ng aring pambabae ay

hindi malinaw na nangangahulugan ng pagiging babae. Isang aspeto lamang ito ng kasarian.

## Lalaki ang Nakatago, Babae sa Puso

Hindi kaila sa atin na ang mga may aring panlalaki ay hindi palaging matataguriang lalaki. Narito ang ilang kontrobersyal na kaso:

8. Si Hanna ay isang mananakbo. Marami na siyang napanalunang medalya sa kompetisyon. Nang siya ay sumikat, maraming nainggit sa kanya. Mayroong umangal na dahil sa kanyang panlabas na anyo, hindi yata siya tunay na babae. Ineksamen si Hanna ng isang doktor. Sinabi ng doktor na ang kanyang ari ay panlalaki. Napagkamalan lamang itong pambabae dahil sa kaliitan at anyo. Wala siyang tunay na aring pambabae.

   Malaki ang pagtataka ng mga kamag-anak ni Hanna sapagkat sapul sa kanyang pagkabata, nakilala na nila siya bilang isang babae dahil sa kanyang anyo, pananalita, kilos at pananamit. Sinasabi rin nila na si Hanna ay nagpapakita ng paghanga sa mga magagandang lalaki. Marami pa nga siyang poster ng mga poging lalaki sa kanyang kuwarto.

9. Si Isabel ay sampung taon nang may asawa. Hindi siya magka-anak kaya't isang araw ay dinala siya ng kanyang asawa sa isang doktor upang magpatingin. Natuklasan ng doktor na si Isabel ay may XY chromosomes. Mga lalaki lamang ang nagkakaroon nito. Nakita rin sa pagsusuri na siya ay may *underdeveloped testes.*

Masasabi ba nating si Hanna at si Isabel ay kapwa lalaki? Kung oo, ano ang ating batayan? Kung hindi, ano naman ang dahilan?

Tignan muna natin kung anong paghahambing ang maaaring gawin sa sumusunod:

10. Si Jayson ay may aring panlalaki. Subalit sa puso at isip, siya ay isang babae. Dahil hindi na niya makayanan ang panlalait na ginagawa sa kanya ng mga kapitbahay, isang araw ay pinutol niya ang kanyang ari.
11. Si Kojak ay may aring panlalaki. Subalit sa kanyang pakiramdam, siya ay isang babae. Ipinasya niyang sumailalim sa isang sex change. Ang pinuntahan niyang sikat na doktor sa Tsina ay nagsagawa ng isang sex transplant kung saan ipinagpalit ang ari ni Kojak sa ari ng isang babaeng gusto namang magkaroon ng anyong panlalaki.

Naiiba ang mga kasong tinutukoy sa 8 at 9 sa mga kasong 10 at 11 dahil sa ang mga huli ay kinabibilangan ng mga taong nalalaman kung anong uri ng ari mayroon sila. Naiisip din nila na hindi tugma ang kanilang anyong pisikal sa kanilang damdamin.

Sa kaso ng nauna (8 at 9), kung hindi lamang dahil sa aksidental na pagkadiskubre ay hindi sana magkakaroon ng pagkakasalungat sa isip ng mga kinauukulan. Sa kanilang isip, ang kanilang nararamdaman ay tugma sa kanilang pisikal na anyo.

Kaugnay nitong dalawang uri ng kaso, maaaring itanong: Kung ang isang tao ay kritikal sa ikinikilos ng mga homosekswal na katulad nina Jayson at Kojak, hindi ba't dapat rin siyang maging kritikal sa ikinikilos nina Hanna at Isabel? Hindi ba't pare-pareho lamang na kumikilos ang mga ito nang hindi tugma sa pagkakahulma ng kanilang mga katawan?

At kung maiintindihan naman niya ang ikinikilos nina Hanna at Isabel dahil sa hindi nila naiintindihan ang kanilang tunay na katawan, hindi ba't mas dapat niyang maintindihan ang ikinikilos nina Jayson at Kojak dahil sa ginagawa lamang ng mga ito ang tumutugma sa kanilang mga puso at damdamin?

Mayroon bang maituturing na tunay na lalaki sa kanila?

Kung pisikal na ari lamang ang ating batayan, lalaki silang lahat. Subalit mahirap tanggapin na tunay na lalaki ang sino man sa kanila. Mahirap, sapagkat sino man sa kanila ay walang taglay na puso at damdaming panlalaki.

Sa kabilang dako, Si Glenn (Halimbawa 7) na nasiraan at tinanggalan ng aring panlalaki ay hindi nawalan ng puso at damdaming panlalaki. Masasabi natin sigurong napanatili niya ang kanyang pagkalalaki.

## Babae sa Loob, Lalaki sa Kutob

Isa pang mahalagang aspeto ng pagkalalaki ay may kinalaman sa kung kanino tumitibok ang kanyang puso.

12. Si Linda ay ipinanganak na isang babae. Subalit maliit pa siya ay mahilig na siyang makipaglaro sa mga lalaki. Ngayon ay para na siyang lalaki kung kumilos at manamit. Nararamdaman din niya na siya ay umiibig sa isang babae.
13. Si Marla ay isang lesbyan. Umaasa siya at ng kanyang kinakasamang babae na sila ay maikakasal. Sa gayong paraan, iniisip ni Marla na magiging ganap ang kanilang samahan at ang kanyang pagkalalaki.
14. Si Nora ay isa ring lesbyan. Sinamahan niya ang kanyang kinakasamang babae sa isang espesyalista para sa inseminasyong artipisyal. Naging matagumpay ang proseso at dumating ang takdang araw na "sila" ay nagka-anak. Masaya silang nagdiwang. Ayon kay Nora, naging ganap ang kanyang pagkalalaki.

Sa halimbawang 12, 13 at 14, nakikita natin ang iba pang antas ng matataguriang pagkalalaki. Ang isang sangkap na matatagpuan sa mga ito ay ang pagkakaroon ng sekswal na pagkagusto para sa babae. Kung dito nakatutok ang pagkalalaki, masasabi rin natin na ang iba't ibang antas ay tumutulad sa mga simbolismo na namamalayan sa mga natural na lalaki: ang pagkakaroon ng asawa at pagkakaroon ng maituturing na anak.

Gayon pa man, malinaw na hindi maaaring maging ganap na ganap ang pagkakatulad sapagkat may mga pisikal na hadlang na mahirap— o imposibleng — malampasan.

## Hindi Malinaw ang mga Hangganan

> 15. Si Owen ay ipinanganak na isang lalaki. Nagkaroon siya ng asawa, nagka-anak, at ngayon ay mayroon na rin siyang apo. Habang siya ay masayang nakikisama sa kanyang asawa, naramdaman niya na siya pala ay nagkakaroon na rin ng pagtingin sa mga lalaki. Nakahiligan niyang kumilos at magdamit bilang babae.
>
> Dumating ang araw na—sa suporta ng kanyang asawa—siya ay pumailalim sa pagsasalin ng kasarian. Sa tulong din ng hormonal treatment, siya ngayon ay may anyong babae. Sa kabila ng lahat, masaya pa rin silang nagsasama ng kanyang asawa. Tinanggap ng kanyang mga anak ang pangyayari at ngayon ay kilala siya ng kanyang apo bilang lola. Bagamat isa na siyang babae, patuloy niyang nagagampanan ang kanyang papel bilang ama sa kanyang pamilya at asawa.

Sa halimbawang ito, namamasdan natin kung papaano lumalabo nang husto ang mga hangganan ng kasarian. Tila nag-ooverlap na sa ilang banda. Kung ang orihinal na ari lamang ang batayan, si Owen ay isang lalaki. Kung ang kanyang patuloy na pagtanggap sa papel na tagapaghanap-buhay para sa pamilya ang batayan, isa siyang lalaki. Kung titignan lamang natin ang kanyang hilig na sekswal, maaari siyang kilalaning babae at lalaki. Kung ang kanyang kasalukuyang personal na pagkakakilala sa sarili ang batayan, siya ay isang babae.

Dito lumilitaw na napakarami ng uri ng pagiging lalaki ang ating namamalas. Mayroong aspeto ang pagiging lalaki na may kinalaman lamang sa kung anong uri ang kanyang henital. Mayroong nababatay sa kakayahang sumunod sa mga pangkasariang ekspektasyon ng lipunan. Maaari ding tingnan

ito mula sa pananaw lamang na personal ng isang tao tungkol sa kanyang kasarian. Naririyan din ang sekswal na hilig ng isang tao—i.e., kung siya ay nagkakagusto sa babae o sa lalaki.

Depende sa batayan na gagamitin, ang isang tao ay maaaring kilalanin na lalaki o babae. At kung titingnan natin ang higit sa isang batayan, ang isang tao ay maaaring magkaroon ng higit sa iisang kasarian. Siya ay maaaring maging lalaki at babae.

Sobra na ba ang labo ng pinatutunguhan? Sa isang banda, ito ay totoo. Subalit hindi ito tanda ng pagkakamali. Ang nakikita natin ay isa lamang repleksyon ng kumplikasyon na nararanasan sa pangkaraniwang buhay. Pagpapatunay lamang ito na ang pagiging malikhain ng isang tao ay hindi lamang tungkol sa kanyang kapaligirang magagamit. Ito ay magagamit din tungkol sa kanyang sariling pagkatao.

## Pagiging Lalaki at Pagkalalaki

Kung pisikal na antas lamang ang pinag-uusapan, siguro ay mababawasan nang husto ang problema. Pero nakita na natin na hindi lamang ito ang aspeto ng pagkalalaki. Bilang paglilinaw, maaari nating bigyan ng kaibhan ang gamit ng "pagiging lalaki" at "pagkalalaki." Ang pagiging lalaki ay nakatali sà pagkakaroon ng aring panlalaki. Ang batayan ay empirikal at sa empirikal na pagsusuri malalaman kung ang tao ay lalaki o babae.

Ang pagkalalaki naman ay isang sosyolohikal at sikolohikal na konsepto. Ito ay sosyolohikal sapagkat ang mga papel na ginagampanan ng isang tao sa pamilya at lipunan—pati na ang mga ekspektasyon sa kanya—ay hinuhubog ng mundong sosyal na kanyang ginagalawan. Ito ay sikolohikal din sapagkat ang personal na pananaw ng kinauukulan ay hindi maaaring bale-walain. Sa bandang huli, ito lamang ang pananaw na makapagpapahayag ng kanyang sariling niloloob.

Kapag iisipin natin kung gaano karami ang mga empirikal na posibilidad at itatapat natin ang mga ito sa kalawakan ng

mga ekspektasyong panlipunan at paniniwalang personal, makikita natin ang katindihan ng kumplikasyon ng mga kategorya at uri ng pagkalalaki na maaari tayong magkaroon. Katumbas din naman ang kumplikasyon sa mga isyung maaaring lumitaw. Ito ang mensaheng mapupulot sa kaso ni Owen sa halimbawang tinalakay sa itaas.

## Ang Natural na Lalaki

Makatutulong kaya kung babalik tayo sa konsepto ng natural na lalaki? Magkakaroon kaya ng linaw ang ating usapan?

Patuloy ang mga isinasagawang pag-aaral ng mga siyentipiko tungkol sa mga natural na pagkakaiba ng mga lalaki at babae. Kamakailan lamang ay may mga pananaliksik sa University of Pennsylvania na nagpapakita na ang mga utak ng lalaki at babae ay magkaiba kung magtrabaho. Ayon dito, ang mga *temporal-limbic systems* ay kapansin-pansing higit na aktibo sa mga lalaki kaysa sa mga babae. Sila ang nagpapatakbo ng mga primitibong tugon sa kapaligiran na katulad ng pisikal na agresyon.

Sa kabilang dako, ang mga babae ay kinakikitahan ng higit na kilos sa isang lugar ng utak na tinatawag na *cingulate gyrus*, na siya namang nagpapatakbo sa pagsasalita. Nakita rin ng mga mananaliksik na may pagkakaiba sa paggamit ng magkabilang hati ng utak ang mga lalaki at babae. Ito daw siguro ang dahilan kung bakit ang mga babae ay nakalalamang sa mga gawaing nangangailangan ng mental na abilidad samantalang ang mga lalaki ay nakalalamang sa mga gawaing nangangailangan ng mekanikal na husay.

Tungkol sa kanilang mga obserbasyon, sinabi ng pinunong mananaliksik na si Dr. Ruben Gur na:

> *These findings support the possibility that men are more biologically inclined to instrumental means of*

> *aggression--such as physical aggression--while women are more biologically inclined to symbolic expression.*[1]

Sa iba namang dako, sinabi ng mag-asawang mananaliksik na sina Dr. Sally Shaywitz at Dr. Bennett Shaywitz, mga co-director ng Yale Center for the Study of Learning and Attention sa Yale University School of Medicine, na ang mga babae ay may reserba sa kanilang utak para sa abilidad sa pananalita. Ito ay magagamit kung sakaling may problema sa kaliwang hati ng ulo. Ito raw ang dahilan kung bakit mas madaling manumbalik ang pananalita sa mga babae kaysa sa mga lalaki kung sila ay nagkakaroon ng stroke.

Tungkol naman sa mga homosekswal, mayroong pananaliksik na nagpapakita na may mga matinding pagkakatulad ang mga chromosomes nila. Nag-umpisa ang pag-aaral nang matuklasang ang pamilya ng 76 na homosekswal na lalaki ay kinabilangan ng umaabot sa 7.5% tiyo at pinsan (sa pamilya ng ina) na homosekswal din. Sa pangkaraniwan, umaabot lamang sa 2% ang homosekswal na tiyo at pinsan. Sa kasunod na pagsusuri sa DNA ng 40 pares ng magkapatid na homosekswal, nakitang 33 ang may magkaparehong piraso ng chromosome. Ayon sa mga nag-aral, nagpapakita ito na isang gene na may kinalaman sa homosekswalidad ang matatagpuan sa lugar na ito.

Isa namang bagong panananaliksik na isinagawa ng grupong pinangunahan ni Dr. Dick F. Swaab ng Netherlands Institute of Brain Research ang nakapagpakita na magkasinlaki ang utak ng mga lalaking transekswal at mga babae. Sinukat nila ang mga utak ng nangamatay na dating lalaki ngunit sumailalim sa pagpapalit ng kasarian. Ang mga utak na nakita nila ay maliit kaysa sa mga pangkaraniwang utak ng lalaki. Ayon kay Swaab, ang kanilang natuklasan ay maaaring magsilbing kapaliwanagan para sa pambabaeng pakiramdam ng mga naturang lalaki.

[1] Tignan ang "Sex Differences" sa Asiaweek (February 17, 1995), p.16.

Sa katotohanan, maliit lamang ang bilang ng mga utak na nasuri nila Swaab. Hindi sapat ito upang makapagbigay ng katiyakan sa mga maaaring konklusyon. Subalit kung magkatotoo man ang palagay ng mga nananaliksik na katulad niya, ano ang talagang napapatunayan? Ano ang maipakakahulugan sa pagkakaroon ng "natural" na pagkakaiba ng mga lalaki at babae?

Ang pagkakaroon ng sikolohikal na disposisyon na natural para sa iisang kasarian ay nangangahulugan lamang na ang mga miyembro ng kasarian na iyon ay mas malamang na magkaroon ng katulad na disposisyon. Hindi ito nangangahulugan na ang lahat ng lalaki (sa pisikal) ay kinakailangang gumanap sa papel na lalaki. Sang-ayon ako na:

> *. . . there should not be sanctions enforcing correlations between roles and sex, for such sanctions tend to force individuals into roles for which they have no natural inclination and which they might otherwise choose against . . . .even granting the assumptions that natural psychological differences, and therefore role differences, between the sexes are inevitable, it does not follow that there must be sanctions enforcing correlations between roles and sex. Indeed, if individual freedom is valued, those who vary from the statistical norm should not be required to conform to it.*[2]

## Pagkatao at Autonomia

Nakasandal ang posisyong ito sa kahalagahan ng pagkatao. Ang pagkatao ay hindi lamang sa anyo makikita. Hindi lamang ito nakatuon sa pisikal. Ang higit na mahalaga ay ang damdamin at sariling pag-iisip ng isang tao. At hindi lamang ang kanyang pisikal na anyo ang likas sa kanya. Ang pinakamahalaga ay ang kanyang natural na damdamin at

[2] Op.cit., p.252.

kaisipan. Kung gayon, ito dapat ang magsilbing batayan para sa kanyang sariling pagpapasya at pagkilos. Ito ang dapat na magsilbing batayan para sa kanyang mga hangarin at adhikain.

Mayroong mga nagsasabi na ang pisikal na anyo ay may natural na pakay. Halimbawa, mayroong nagsasabi na ang mga mayroong aring panlalaki ay dapat na magkaroon lamang ng sekswal na interaksyon sa mga may aring pambabae. Ayon sa ganitong kaisipan, ang mga henital ay mga natural na kasangkapan para sa pagpapaunlad ng lahi. Kung hindi gagamitin ng tao ang mga ito para sa kanilang natural na pakay, nilalabag niya ang natural na batas.

Sa madaling salita, sinasabi na dapat iakma ang kilos ng tao sa kanyang pisikal na anyo at sa natural na pakay para dito. Kung gayon, ang may aring panlalaki ay dapat gumamit nito para sa reproduksyon. Hindi ito mangyayari kung ang kanyang sekswal na interaksyon ay gagawin sa kapwa lalaki (i.e., kapwa may aring panlalaki). Samakatwid, ang pagkalalaki ay magagampanan lamang kung naisusulong ang pakay na magpalago ng lahi.

Ang hindi tama sa posisyong ito ay ang palagay na ang mga bagay-bagay ay may natural na pakay at maaari lamang silang gamitin para sa pakay na ito. Kung tama ang ganito, ang lahat ng tao ay magsisilbing kasangkapan lamang na walang karapatang umukit ng sarili nilang kinabukasan at kapalaran. Subalit hindi natin maaaring alisin sa tao ang ganitong karapatan. Kung mawawala sa kanila ito, hindi na natin sila maituturing na tao. At kahit na tatanggapin nating may pakay ang mga bagay-bagay, dapat din nating kilalanin ang karapatan ng tao na pumili ng mga pakay na iyon at magbigay-buhay sa kanila.

## Pagkamaginoo

Sa itaas ay natalakay ang pagkakaiba ng pagiging lalaki at pagkalalaki. Bagamat naitataas ang antas ng usapan sa

pamamagitan ng ganitong paglilinaw, dapat nating pansinin na ang pangkalahatang tinutukoy ay hindi pa rin nakaaalpas nang ganap sa perspektibo ng pisikal na pagiging lalaki. Sa katotohanan, habang hindi tayo lumalayo sa usapang pagiging lalaki o pagkalalaki, hindi tayo makaaahon sa patibong ng kasarian.

Palagay ko ay makakatulong kung makikita natin na ang pagkalalaki, bilang isang purong sosyolohikal at sikolohikal na konsepto, ay walang aspetong etikal. Wala itong kinakailangang implikasyon para sa dapat at hindi dapat; walang itinataguyod na tama o mali.

Kung titignan natin ito bilang isang etikal na konsepto, dapat nating iwasan ang salitang-ugat na "lalaki" sapagkat ang etika ay walang kinikilingang kasarian. Kaya naman iminumungkahi dito na dalhin ang usapan sa pagkamaginoo.

Depende sa ating kultura, ang pagkamaginoo ay maaaring magkaroon ng magkakaibang kahulugan. Ang mga partikular na katangian na pinahahalagahan natin kaugnay nito ay nag-iiba-iba rin. Subalit kung susuriin natin ang ilang mga halimbawa ng katangian na ito, makikita natin na sila ay walang kinalaman sa kasarian ng matatawag nating maginoo.

Halimbawa, sa konteksto ng isang pamilya, maaari nating sabihin na ang pagiging maginoo ay ipinamamalas ng magulang na naghahanap-buhay, nagtitiyaga sa pag-aalaga ng kanyang mga anak, nagmamalasakit para sa kanilang kapakanan at nagpapakita ng katatagan sa oras ng kagipitan o sakuna. Ang mga katangiang ito ay maaari nating matagpuan maging sa ama o sa ina. At kung masasabi nating maginoo ang isang lalaki dahil sa kinakikitahan siya ng mga katangiang ito, walang dahilan para hindi kilalanin din na maginoo ang katulad na babae dahil lamang sa naiiba ang kanyang kasarian. Walang kinikilalang kasarian ang mga katangian na ito. Wala ring kinikilalang kasarian ang pagiging maginoo.

Pati ang salitang "pagkalalaki" ay nagagamit upang tukuyin ang ilang katangiang hindi talaga panlalaki lamang. Halimbawa, sinasabi natin na tunay na lalaki ang malakas ang loob at handang umamin kung siya ay mayroong pagkakamali. Subalit ito ay inaasahan din natin at pinupuri sa isang babae. Ayon sa ilan, tanda ng tunay na lalaki ang pagtupad sa pangako. Subalit ito ay mahalagang katangian din sa isang babae. Samakatwid, ang pagtukoy sa mga katangiang ito na tila baga sila ay kailangan lamang matagpuan sa isang kasarian ay mapanlinlang. Naitataboy ang pansin mula sa tinutukoy dito na pagkamaginoo na dapat ay tinataglay ng lahat nang walang pagkiling sa kasarian.

Kung maibabaling ang pagtingin sa mas malawak na konteksto, liliit ang pagpapahalaga sa mga pisikal na hangganan ng pagiging lalaki at pagkalalaki. Subalit ito naman ay napapalitan ng pagkamaginoong naipakikita sa pamamagitan ng makatotohanang pagtugon sa kalooban ng tao.